

1 Angel Beside Me

"Hay, salamat," nasabi ni Jai Narvaez nang marating niya sa wakas ang sleeping quarters nila.

Napagod siya sa dami ng mga inoperahang pasyente. Buong magdamag at kaninang maghapon ay nasa loob lang siya ng operating room. Hindi man lang siya nakaidilip nang maayos kaya hindi na niya kayang magmaneho pauwi. Nagdesisyon siyang doon na lang matulog.

Isa kasi siyang surgery resident, o doktor na nagsasanay pa lang para maging surgeon, sa *St. Anthony Hospital*. Kailangang linangin ang skills niya kaya paulit-ulit na dapat makagawa at

malantad siya sa iba't ibang surgical cases. May 24-hour duties tuloy siya sa ospital bukod pa sa walong oras na ipinapasok araw-araw kapag hindi duty.

“This is heaven,” aniya nang naiunat sa wakas ang kanyang katawan sa malambot na kutson. Sa pang-ilalim na double deck beds siya humiga dahil hindi na niya kayang umakyat pa.

Walang ibang tao kaya tahimik ang malamig at malinis na silid.

Bihira kasi ang nakakagamit niyon dahil karaniwang mga nasa loob ng operating room silang mga residente, ang ilan ay sa banyo na doon naliligo. Wala ring natutulog gaano sa quarters dahil mas nanaisin ng ibang kasamahan na umuwi sa bahay ng mga ito.

Halos doon na kasi sila nakatira sa ospital dulot ng tambak na trabahong dapat tapusin.

Agad siyang nakatulog. Hindi na niya naisip kumain o magpalit ng damit. Ang importante ay makapagpahinga na siya.

Naalimpungatan si Jai nang maramdamang parang may nakadantay na kamay sa kanyang dibdib.

Pinilit niyang iminulat ang mga mata.

“Nanaginip ba ako?” aniya nang makitang may

magandang babae sa kanyang tabi. Nakaharap ang mukha nito at parang nakayakap sa kanya.

Kitang-kita niya ang bawat detalye sa mukha ng babae dahil maliwanag sa silid. Hindi nga niya maalalang binuksan niya lahat ng mga ilaw nang makapasok doon nang nakaraang gabi.

Pero napansin niyang parang anghel ang katabi. Maamo ang mukha nito habang mahimbing na natutulog.

Pinagmasdan ni Jai ang hugis-puso nitong mukha—ang mahahabang pilikmata, matangos na ilong at mapupula at kaakit-akit na mga labi na bahagyang nakabuka nang mga oras na iyon; parang nanghihikayat na mahalikan.

She looks familiar, naisip niya habang tinititigan ito. He wished he could also see the color of her eyes. Pero pilit pa rin niyang inaalala kung saan ito nakita.

“Doktor ka din ba? Naging Intern ka ba namin o nurse ka ba dito? Naging pasyente ba kita?” sunud-sunod niyang tanong.

Kapansin-pansin ang kagandahan ng babae kaya alam niyang hindi niya ito makakalimutan.

“Teka, ano’ng ginagawa nito dito?” Noon lang siya nagtaka kung bakit may katabi siya. Alam niyang walang ibang tao sa quarters kagabi.

Biglang kumilos ang babae. Nalanghap niyang lasing ito.

“Ang init,” anito pero nanatiling nakapikit.

Hinawakan ng babae ang blouse at sinimulang tanggalin ang mga butones.

“Bakit ang init dito?” nakasimangot na reklamo nito pero nakapikit pa rin.

“Tek, Miss.” Bigla siyang kinabahan. “Huwag kang maghubad,” pigil niya nang makitang nabuksan na nito ang lahat ng butones at inaalis na ang pang-itaas na suot.

Napilitan tuloy siyang bumangon para umalis sa higaan at layuan ang babae. Baka mapagbintangan pa siyang may ginagawang masama rito.

“Oh, shit!” bulalas ni Jai nang biglang madulas pagtayo. Napahandusay siya sa sahig matapos mawalan ng balanse.

Nalaman kung bakit siya nadulas nang maamoy at mahawakan ang mabahong likido sa sahig.

“Damn! Sino’ng sumuka dito?” Napatingin siya sa babae nang masama. “Iinom ka ng madami ’tapos, hindi mo pala kaya.” Parang pinapagalitan niya dahil alam niyang lasing na lasing ito kaya gan’un ang hitsura at ikinikilos.

Nagulat siya nang simulan din nitong hubarin ang suot na palda.

“Ang init!” ulit nito pero nanatiling nakapikit. Nagawa nitong alisin din iyon.

“Naku, huwag!” aniya nang makitang isisunod na ng estranghera ang bra nito.

Hinablol niya ang bedsheet ng kutson sa itaas ng double deck.

Pero natigilan siya nang lumantad sa kanyang paningin ang halos hubad nang katawan ng babae.

Natutulog na muli ito. Hindi nito alintana kahit panties na lamang ang suot.

“How could you be this perfect?” hindi niya napigilang sabihin nang mapatitig dito.

She was quite tall for a Filipina. Tinatayang mga 5’7” ang taas nito. Morena. Ang kinis ng balat at ang ganda ng hubog ng katawan bukod pa sa nagtataglay na mala-anghel na mukha.

Napatingin siya sa malulusog nitong dibdib. They were enticing. Plump and perfect in shape. Napalunok si Jai nang makita ang maliliit niyang tuktok.

Ibinaba niya ang tingin sa makitid nitong baywang na animo kasyang-kasyang ipaloob sa magkadikit niyang mga kamay.

And that pink T-back underwear showed her lovely hips. It made him want to run his fingers on them.

Tumalikod ang estranghera. Pati litaw na mga pisngi ng puwet nito ay nakita niyang perpekto rin ang hubog.

Kung tutuusin ay sanay siyang makakita at umeksamen ng mga hubad na katawan ng mga babae, of all shapes and sizes. Inaral iyon ni Jai sa Medicine proper at sa training pero hindi pa rin niya napigilan ang sariling titigan at hangaan ang kabuoan ng babaeng ito.

Jai, stop. You are not a pervert, saway niya sa sarili nang maramdaman ang init na namumuo sa kanyang katawan, lalo na sa pagitan ng kanyang mga hita. He could feel his own arousal.

“Mainit lang talaga,” aniya sa sarili.

Dagli niyang ibinalot na sa babae ang hawak na kobre kama.

Dumerecho siya sa shower room para malinis ang kanyang katawan. Layunin din niyon na tuluyang mawala ang init na nararamdaman niya.

Kaso dahil sa pagmamadali, nakalimutan niyang maglabas ng damit na pampalit mula sa kanyang locker.

Mabuti at nandoon ang tuwalyang isinampay

niya noong huli siyang naligo doon. Itinapis niya iyon sa bandang baywang.

Magbibihis na sana siya nang maalala ang suka sa sahi.

“Kawawa naman si Mang Ely,” aniya nang maisip ang janitor na nakatalaga sa silid. Naisipan niyang mag-mop muna at linisin ang ginawa ng babae. Kung sakaling madumihan o pagpawisan ang kanyang katawan ay madali siyang makakapaligo ulit.

Parang bawat sulok ay sinukahan ng babae.

Napatingin siya nang masama rito. “Sa susunod sa ibang lugar ka magsuka ha. O huwag kang uminom para di ka nakakaperwisyo,” sabi niya rito kahit mukhang hindi siya naririnig.

Bigla rin siyang napaisip nang matapos mag-mop. Malamang nagduduwal ang babae nang ilang oras pero hindi man lang niya namalayan. Ganoon ba siya kapagod?

“Dr. Narvaez! What is the meaning of all these?”

Nanigas at namutla siya nang makitang may kasama na sila.

Mapanghusgang nakatingin sa kanya ang kanilang Department Chairman at ilan niyang kasamahan sa residency program.

2 Busted

“Sir?”

Darn it! Ang sakit ng ulo ko. Si Mikee ay napakunot-noo habang nakapikit pa rin. Nagising siya dahil sa mga boses na narinig.

“This is not what it looks like, Sir,” sabi ng magandang tinig ng isang lalaki. Halatang tuliro ito sa pagsagot.

Hindi niya maintindihan pero parang iyong pagbigkas nito ng mga salita ay nakapapawi ng sakit ng kanyang ulo.

That wonderful manly voice made her curious. Napilitan tuloy siyang magmulat ng mga mata para makita ang hitsura ng may-ari niyon.

Napansing may nakatakip sa kanyang ulo. Hinatak iyon upang makita ang mga taong nanggising sa kanya.

“I don’t even know...” Natigilan ang nagsasalita nang kanyang lingunin.

Matagal niyang pinagmasdan nang masigurong ito nga ang pinanggalingan ng magandang tinig.

Napatitig din ang estranghero sa kanya.

Is this a dream? aniya sa sarili nang makita ang mukha nito. He really looked so handsome.

Mestizo ang lalaki na may kataasan at kagandahan ang halos hubad na nitong katawan dahil tanging puting tuwalya lamang ang pantakip sa mga bahaging kailangang manatiling nakatago.

She could see his perfectly sculpted arms, broad shoulders, torso, abdomen, thighs and legs. Even his knees were flawless.

Ang ganda rin ng mga mata nito. They were light brown and mysterious. Hindi niya mabasa ang iniisip nito habang nakatitig pa rin sa kanya habang walang ekspresyon ang mukha.

Napansing matangos din ang ilong at mapupula ang maninipis na labi ng lalaki. May balbas ito nang kaunti. And it made him still

looked neat and desirable. Like it added to his sexiness. And with that wet hair, he looked so fresh and somehow boyish.

She was also sure that he has a charming smile and infecting laugh based on his voice.

Napailing si Mikee. He was not her type. Taliwas ang hitsura nito sa mga dine-date niyang matatangkad din pero kayumangging mga kalalakihan.

Naalala niya rin bigla ang taong kanyang kinamumuhian dahil sa mestizo nitong itsura.

Mas maputi pa ito sa 'kin tapos napakakinis... At siya ba 'yun? Ang bango, ah. Hmm baka guwapong lalaki rin ang hanap.

Hindi niya napansing napasimangot siya dahil sa mga naramdaman at inisip.

“...this woman,” patuloy ng lalaki na bahagyang napasimangot din sa kanya. “I don't even know how she got in here. N'ung pumasok ako dito kagabi ay solo ko itong quarters, Sir. But when I woke up this morning...”

Here? Napatingin si Mikee sa paligid. Hindi na niya pinakinggan ang mga sumunod na sinabi ng lalaki at napansin ngang hindi siya pamilyar sa silid. May mga kama at mga lockers doon.

Pagkatapos ay napatingin siya sa mga

nakaputing blazers na kasama nila sa silid. Alam niyang doktor ang mga ito.

Natigilan siya nang makita ang mukha ng isa sa mga naka-long white coat.

Kitang-kita niya ang horror sa mga mata nito nang magtama ang kanilang mga paningin. At malamang ay gayon din siya.

“Dr. DarSan Juan, please leave us and take your other co-residents with you. We will continue our rounds tomorrow.” Utos ng pinakamatandang doktor, na mukhang consultant o mentor ng grupo, sa isa sa mga kasamang nakababatang doktor. Halatang nagtitimpi ito.

“Yes, Dr. Santiago,” sagot ng inutusan.

Tahimik na iniwan silang tatlo sa silid.

Ini-lock ng nakatatandang doktor ang pinto bago muling pinagtuunan sila ng pansin. Nakasimangot na ito. Matalim na ang tingin nito sa nakababatang lalaki.

“I am really disappointed with you, Dr. Lucius Jairus Narvaez,” anito sa kausap. Binuo ang pangalan kaya halatang galit nga ito.

“I can explain, Sir.” Nagmamakaawa ang mga mata ng estranghero. “I mean, hear me out first, Sir.”

Doctor din pala siya. Lucius? And I thought my name was really bad. Pinigilang niyang matawa sa naisip.

“Mikaela, you’d better have a good explanation for this,” anang Dr. Santiago nang tingnan siya muli.

Halatang nagulat ang tinawag na Lucius Jairus na kilala siya ng consultant nito. Napatingin ito sa kanya.

Noon niya lang napansin na wala rin siyang suot sa ilalim ng kumot dahil nakita niya ang kanyang mga damit na nagkalat sa sahig at ang kanyang bra sa kama. Namula siya sa hiya.

At pagkatapos ay napatingin siya kay Jai.

Did something happen between them?

Kinabahan ang dalaga. Wala siyang matandaan kaya lalo siyang napasimangot nang tingnan ito. Ni hindi nga niya ito kilala.

“Honestly, Dad. I do not know how I got here and I really cannot remember who *this person* is,” napasimangot na sagot niya pagkaalalang tinawag din siyang ‘this woman’ ng batang doktor kanina. “And please call me ‘Mikee.’ You know how I hate that name.” Lalong napatanga at halatang namutla si Jai sa kinatatayuan nang malamang magkadugo sila ng consultant nito.

Ka-turn off naman, naisip niya.

“Get dressed. I’ll wait for you outside.” Pormal pa rin ang mukha ng ama. “I know you are lying, young lady. This is part of your rebellious acts.” Tumingin ito sa batang doktor. “I’ll deal with you later, Jai.”

Pagkatapos, tumalikod na ito.

3

You Are Not My Type

"Look, I swear to God I didn't touch you." Mukhang nag-aalala pa rin si Jairus Lucius a.k.a. Jai nang silang dalawa naling ang nasa silid.

Gustong matawa ni Mikee. Ang goody-two-shoes naman...

Lalong napatunayan niyang hindi talaga niya matitipuhan ang binata sa kabila ng maganda at perpektong hitsura nito.

Worried ito masyado sa kung ano ang iisipin ng mga tao. Nakapokus sa walang kuwentang bagay.

"Superficial," bulong ng dalaga. Dinampot niya ang kanyang bra para isuot habang nasa

ilalim ng kumot.

“Ano’ng s’abi mo?” si Jai at napatitig sa kanya.

“S’abi ko huwag mo nang isama ang Diyos.” Napasimangot siya. “Do you mind letting me get dressed first?” Sinungitan niya ito dahil nakatingin pa rin sa kanya.

Kinamumuhian niya talaga ang mga lalaking sariling kapakanan lang ang iniisip. Iyong mga ambisyoso. Alam niyang kaya takot na takot ito ay dahil iniisip ang maaaring maging epekto sa kinabukasan nito. Naalala na naman niya ang kaaway rito.

Walang kaabug-abog na pinulot ni Mikee ang kanyang palda at blusa mula sa sahi. Hindi na niya inisip na halos hubad pa rin siya. Naka-underwear lang siya pero hindi niya pinahalata ang pagkaasiwang nararamdaman.

Ano ba ang nangyari nang nakaraang gabi at paano siya nakarating doon?

“So you really planned all of these.” Si Jai na lumapit na sa locker katapat ng kinatatayuan niya.

Sandaling napatitig siya rito. Mas matangkad ito kaysa sa kanyang inaasahan. Halos umaabot lang siya sa baba ng doktor

Natigilan si Mikee nang makitang inilabas

ng lalaki ang navy blue brief mula sa locker at handa nang isuot habang nakaharap sa kanya. Bahagyang bumuka ang dugtungan ng dalawang dulo ng nakatapis na tuwalya kaya nakita niya ang mapuputi at makikinis na maskuladong hita nito. Muntik ding masilayan ang nasa pagitan ng mga iyon.

Hindi niya tuloy napanindigan ang katapangan at pagpapanggap na wala siyang pakialam sa mga nangyari.

Napatalikod si Mikee kaya hindi niya nakitang pilyong napangiti si Jai dahil sa naging reaksyon niya.

“Now you believe me that nothing happened between us.” Si Jai. “Huwag kang mag-alala, hindi kita type. Kaya kahit lasing na lasing ka, hindi kita pinagsamantalahan. Despite you clinging desperately to me last night.”

Nag-init ang mga pisngi niya. Pero hindi niya napigilang mapaligon muli kay Jai.

Tahasan nitong sinabi sa kanya na hindi siya kaakit-akit at pinalabas pang siya ang nagsamantala dito kaya tiningnan niya ito nang masama.

Hindi tuloy nakaligtas sa kanyang paningin na inalis na ni Jai ang nakatapis na tuwalya at

briefs na lang ang suot nito. Lalo siyang namula nang makita ang nakaumbok nitong hinaharap.

Muli siyang tumalikod at hindi na nagsalita kahit balak niya sanang sagutin ang paratang nito at ipamukhang hindi rin niya ito magugustuhan kahit kailan.

Mabilis na din siyang nagbihis.

“Hey, Mikaela! No farewells?” natatawang sabi ni Jai na tila lalong nang-aasar nang makitang nagmamadali siyang umalis pagkatapos makapagbihis.

She wished she'd never see this jerk again! Pinigilan niyang lumingon. Asar-talong iniwan niya ang doktor.

4

Scandal

“Jai, sikat ka na,” biro ng ka-batch niya sa training na si Carter. Naiinis siya. Mukhang hindi lang sa department nila kumalat ang balita tungkol sa nadatnan sa kanilang quarters.

Kung bakit kasi noong araw na iyon pa naging concerned sa kanila ang bagong chairman at pati tinutulugan nila eh binisita?

“How many times do I have to tell you that nothing happened between me and Dr. Santiago’s daughter!” naiinis na sagot niya.

Mas nakakainis pa kapag tinutukso siya habang naroon si Josephine or Joey, isa sa mga juniors niya, na long-time crush niya. He always

had to explain to her that he was a victim of another misunderstanding.

Tulad noong nasa high school sila. Nabansagan siyang babaero at heartbreaker dahil sa dami ng mga babaeng ni-reject niya at nagpalabas na siya ang masama. May nagpakalat pa ng tsismis na inabuso raw niya, pero ang totoo ay bitter lang ito sa pagtatapos ng kung anumang namagitan sa kanila.

Ayaw na niyang maalala ang masamang reputasyong iyon.

At parang lumalabas pa na nakakalusot siya palagi at nakukunsinti rin. And the reason why he always got away with it was because aside from possessing a handsome look, he had the brains, the brawns and was the pride of their school. Well-rounded.

He was excelling not only academically, but also in sports.

He was also a good leader. Parte siya ng student council at naging presidente pa niyon.

It appeared to others that nobody wanted to believe those girls because he knew how to use his charms and wit to persuade the authorities.

Puro maling akala tungkol sa kanya. At mukhang nangyayari na naman iyon ngayon.

Kahit si Joey ay naniwala rin sa maling balita noong una. Kaedad at ka-batch niya ito, kaso mas nauna siyang nakapagtapos sa medical school dahil sa special teaching program ng isang kilalang unibersidad. Kaya imbis na siyam na taon, pitong taon lang ang ginugol niya at nakakuha na ng Physician Licensure Examination. Nauna rin tuloy siyang pumasok sa training kaya nasa fourth year residency training na siya samantalang nasa second year pa lang ang dalaga.

“Hindi, pare. Seryoso, sikat ka na nga.” Si Gary DarJuan, hepe nila, na nakisawsaw na sa usapan. Iniabot nito ang isang diyaryo sa kanya.

Nagtaka siya dahil tulad ng dati ay nakulong na naman siya sa operating room kaya wala siyang muwang sa nangyayari sa labas niyon.

Napatingin siya sa headline sa diyaryo: *SHE'S NO ANGEL*. Nandoon ang larawan ng mukha niya at ni Mikaela. Mga tulog sila at magkayakap sa iisang kama. Ikinagulat niya na parang hindi sa quarters kinuha ang litrato at kapwa pa sila nakahubad. Pero aminado siyang magaling ang gumawa niyon at parang totoong mga katawan nila ang naroon.

“*Photoshop*-ed ’yan. Hindi kami nakahubad

n'ung nagkatahi kami,” hindi niya napigilang ipahayag.

Lalong natawa sina Carter. “S’abi na nga ba, aamin ka din.”

“I mean...” Pinagpawisan si Jai. Parang pinahamak niya lalo ang sarili sa mga kasama.

Though he wanted to tell them that Mikaela’s body was way better than that in the picture.

“Naka-scrub suit akong asul at naka-white blouse and pink skirt siya,” sabi na lang niya.

Huli na nang maisip ulit na inamin na naman niyang magkasama nga silang natulog sa quarters ng dalaga.

Lalong humagalpak ng tawa si Carter. “Ano ’yun, guni-guni lang namin n’ung nakita kang nakatuwalya lang?” anito.

Hindi na siya makaimik.

“Pero tama ka, white blouse at pink skirt nga ang suot n’ung anak ni Sir,” hirit pa ng isa niyang kasama, “bago n’yo hinubad.” Tumawa ito nang malakas pagkatapos.

“Sana naging mestizo din ako,” hirit pa ng isa.

Nanatili siyang nakasimangot nang hinablot ang diyaryo mula sa kanilang hepe.

Pinagtuunan na lang niya ang balita. Tungkol nga iyon kay Mikaela ‘Mikee’ Santiago. Ayon

doon ay internationally renowned violinist ang dalaga. Binansagang 'Angel of Music' dahil sa galing nito na animo tinutugtugan ng isang anghel ang mga nakakarinig.

Pero huwag daw papaloko sa maganda, maamo at mahinhin nitong hitsura. She might think her behavior was acceptable to the Western world, but to Filipinos, her acts were considered scandalous.

Hindi raw handa ang bansa sa ganoon. Hindi magandang ehemplo ang dalaga sa mga kabataan. Nakakasira ito ng imahe ng mga Filipina lalo't ngayon ay kinakatawan na nito ang Pilipinas. Mahirap daw talaga kapag halos sa ibang bansa lumaki ang isang tao. Mikaela was too liberated for the Filipino standard.

Ayon sa reliable source ng pahayagan ay ni hindi kilala ni Mikee ang nakasiping nito. Baka nga raw dati pa ito ginagawa ng dalaga sa ibang bansa at kahit sinong makilalang guwapo ay pinapatulan. Kaya din daw ba mestizo iyong kasama nito sa kama?

Napatingin siya nang masama sa mga kasamahan. Kaya pala may nagsabing sana ay naging mestizo rin ito.

"Guys, enough!" saway ni Gary. "Pero

seriously, Jai, paano mo nakilala 'yung anak ni Sir?"

Isa palang celebrity si Mikaela. Kilala ito sa mundo ng classical music na isang virtuoso violinist. Isang child prodigy. Nagsanay pa ito sa ibang bansa sa ilalim ng mga kilalang maestro at nagtatanghal professionally bilang soloist. Sinasamahan ito ng mga kilalang dayuhang orchestra kahit pa Asian ito. Nasaliksik ng mga kasamahan niya ang lahat ng iyon tungkol kay Mikaela.

Hindi na siya mahilig sa ganoong uri ng musika kaya hindi niya ito kilala. Though he was impressed with Mikaela when he found out and even watched some of her video clips playing her violin.

At kaya pala naging pamilyar ang mukha ng babae ay dahil noong isang beses na nagsagawa ng surgical mission o libreng tula ang department nila, sa bahay ni Dr. Santiago, na training officer pa lang nila noon. Nakita nila ang family portrait sa salas ng nakatatandang doktor. Doon niya napansin ang larawan ni Mikaela na bunsong anak ni Dr. Santiago at nag-iisang babae sa apat nitong anak. Lahat ng mga iyon ay musically inclined o kaya ay nasa Arts field, tulad ng

ina. Walang naging doktor gaya ng tatay nila. Si Mikaela raw ang pinakaespesyal at nasa Austria dahil sa talento. He still remembered her smiling face in that portrait though she was just a teenager there.

Kaya nanghihinayang din na hindi niya nakita personal ang ngiti nito.

Bakit kaya siya bumalik sa Pilipinas? Tinalikuran nito ang kasikatan sa ibayong dagat para manatili na sa bansang sinilangan.

Baka kaya paraan ni Mikaela ang scandal para pag-usapan ito? Hindi mahilig ang karamihan ng Pinoy sa classical music. Hindi kasi ito pangmasa.

But with what happened, she was actually ruining her career. Naisip muli niya ang litrato at artikulo.

“Actually, I just met her that day,” wala sa loob na nasabi ni Jai.

“Grabe, pare. Bilib na ako sa pagiging chickboy mo.” Si Carter na mukhang naniwalang one-night stand ang nangyari sa kanila ng babae.

“Carter, I think you guys are crossing the line,” sabat ni Joey sa kasamahan nila nang pumasok sa opisina at narinig nito ang komento.

Malungkot na tumingin ang babae sa kanya. Alam nitong hindi na siya komportable. May

karanasan din kasi itong mahusgahan nang mali noong nasa high school sila kaya naiintindihan siya nito.

Lumapit ang kaibigan sa kanya at hinawakan ang kanyang balikat bilang pagsuporta. Ito lang yata ang naniniwala sa kanya.

“Joey, I just realized something. Kung mahilig ’yung anak ni Sir sa mestizo, parang alam ko na bakit na-attract naman itong si Jai sa kanya,” sambit ni Carter. Para itong may nadiskubreng pambihira.

Napatingin sila ng dalaga rito.

“If you were to classify women, I think you both belong to the same category.” Natawa si Carter dahil alam nitong nanligaw siya kay Joey pero nanatiling kaibigan lang.

“Bullsh*t, Carter! Pasalamat ka’t pinahahalagahan ko ang pagkakaibigan natin...” asik niya; handa nang sugudin ito.

Hindi niya maintindihan kung bakit siya galit na galit sa narinig. Dahil ba masakit pa rin na ang karibal niya dati pa kay Joey ang pinili nito, o totoong kaya siya nahumaling kay Mikaela ay dahil nga parang pareho sila ni Joey?

Pinigilan siya ng huli. Umiling ito.

Pumagitna rin si Gary. “Bawal nang pag-

usapan 'yan dito sa office!” anito. “Sunday duty kapag binanggit pa ninyo ang anak ni Sir ay ire-recommend ko sa training core na i-extend ang residency ninyo nang isang linggo kada uungkat n’yo ang subject na iyan. Because if you still do what I forbid, that is considered insubordination. Nagiging cause pa ng pag-aaway dito. Kaya nalaman ng ibang department ay dahil tayo mismo ang nagpapakalat,” malungkot nitong dagdag.

Natahimik ang lahat.

“Sorry na, pare.” Mukhang natakot din si Carter.

Apologetic din ang iba niyang mga kasamahan.

“Jai, let it go,” sabi ni Joey dahil alam nitong galit pa rin siya.

“By the way, pinapatawag ka sa office ni Dr. Santiago,” malungkot ding dagdag ng kaibigan kaya napalitan ng kaba ang kanyang nararamdaman.

5

Violin Soloist

“Sir, you asked for me?” ani Jai nang pumasok sa wakas sa opisina ni Dr. Santiago. Ang tagal din niya nasa labas ng silid nito dahil inensayo niya paulit-ulit ang kanyang mga sasabihin.

Hawak nito ang kanyang kinabukasan. Puwede siyang ipatanggal ng lalaki sa training o pahirapan ang buhay niya habang nasa *St. Anthony*.

Itinuturing na misconduct and misbehavior ang pagdadala ng babae sa ospital at doon isagawa ang mga intimate na bagay tulad ng pakikipagtalik, ayon sa rule book nilang mga trainees. And to everyone, he seemed to have

committed this and was caught in the act, until proven otherwise.

Hindi niya matingnan ang consultant sa mga mata. Nanatili siyang nakatayo at nakatungo. Hindi na rin siya nakapagsalita, lalo na nang makita niya sa mesa nito ang kopya ng parehong diyaryo na pinabasa sa kanya.

Tumingin ang chairman sa kanya. Bigla itong tumayo at tinungo ang pinto. “Follow me, Dr. Narvaez,” anito.

Lalo siya hindi naging komportable dahil hindi na siya nito tinatawag na ‘Jai’ di gaya dati.

Dr. Santiago was one of his favorite consultants, mabait at tunay na gumagabay sa kanilang mga residente. Very encouraging and non-judgmental. Fair. Parang tatay pa nga na kakampi nila sa department kaya nga tuwang-tuwa sila at ito na ang kanilang chairman. Nalulungkot tuloy siya. Bakit ba nangyari pa ang lahat? Nagbago tuloy ang pakikitungo nito sa kanya.

“Are you coming?” tila nainip nitong untag nang makitang di pa rin siya kumikilos mula sa kinatatayuan. Isasara na nito ang pinto.

“Yes, Sir.”



“Sir, I hope you don’t mind if I ask. Saan ho tayo pupunta?” Lalong kinabahan si Jai dahil parang ilang oras nang nagmamaneho si Dr. Santiago at seryosong-seryoso pa ding nakatingin sa daan. Ni hindi na siya nito muling kinausap simula nang umalis sila sa ospital.

Tumingin lang sandali sa kanya si Dr. Santiago at ibinalik ang atensyon sa pagmamaneho.

Sa-salvage-in na ’ata ako, naisip ni Jai.

Kung nakakapatay talaga ang matalim nitong tingin, pinaglalamayan na siya ngayon.

Kaya nanatili siyang tahimik. Hindi na alintanang nakauwi na dapat siya dahil hindi naman niya duty at gabi na.

Nagulat ang binata nang marating ang isang concert hall.

“Help me speak to Mikaela...” Muling nagsalita si Dr. Santiago nang nakapasok sila sa loob ng gusali.

Napatanga siya rito. Gusto niyang magprotesta. *What made him think that she will talk to me?*

“She has been avoiding me and would not even accept my calls.” Seryoso pa rin si Dr. Santiago pero hindi maitago ang pag-aalala sa tinig nito.

Akala yata ay malapit talaga sila ng anak nito kaya nakonsyensya si Jai. Siguradong hindi niya ito matutulungan.

Wala sa loob na kinuha niya ang inabot na programme ng isang usher. Binasa niya iyon. Duet ng piano at violin ang pagtatanghal. At ito ay benefit concert para sa mga senior citizens na nasa isang home for the aged.

Dere-derecho sila sa backstage. Mukhang may privilege si Dr. Santiago.

Narinig niya ang tunog ng isang byolin. Solo iyong tumutugtog. Hindi niya maintindihan ang nararamdaman pero napukaw ang kanyang atensyon. Di nga din niya alam ang titulo ng piyesang tinutugtog pero alam niyang narinig na niya iyon dati. Pero iba ang dating niyon sa kanya ngayon.

It was being played in such a way as to move the heart, technical perfection aside.

Hindi niya tuloy napansing lumapit siya sa bahagyang gilid ng entablado na tago pa rin sa manonood, upang silipin kung sino ang tumutugtog.

Hindi siya nagulat na makita si Mikaela.

Ito lamang ang naiilawan sa madilim na entablado. She looked stunning and very elegant

in her grayish blue strapless maxi dress while holding her violin.

Nakadagdag sa kagandahan ng dalaga ang pagkakalugay ng itim at tuwid na tuwid nitong buhok na lumagpas sa balikat ang haba.

Kitang-kita rin ni Jai ang mukha nito dahil halos nakaharap ito sa kanya habang nakapatong ang bandang baba nito sa instrumentong hawak.

Kaya naman napagmasdan niya ang bawat facial expression ng dalaga habang nakapikit at dinadama ang tinutugtog.

He also noticed her long slender fingers as she moved them from one string to another. Mukhang napakakinis at napakalambot ng mga iyon. Perfectly shaped, but at the same time, agile and powerful.

Napatingin si Jai sa mga mukha ng manonood na tahimik at nakapokus dito ang atensyon. They were also in awe. They could also see and feel Mikaela's passion in this performance. Her music was moving them like it was affecting him. He felt like he wanted to cry.

How could her music have this effect on me? Napapahid si Jai ng mata dahil mas napahanga siya ngayong live niyang naririnig at nakikita ang pagtugtog ni Mikaela.

Napatingin siya sa programme para alamin ang titulo niyon. *'Tomaso Antonio Vitali – Chaconne in G minor'*

Napansin niya muli ang piano sa larawan. Bakit nga ba walang accompaniment? Nagtataka niyang tinitigan si Mikaela. But she didn't need one.

Napaisip tuloy ang binata. She is really good. Pero bakit siya nagpakalasing?

Naalala niya bigla ang senaryo sa quarters. Ang mga suka sa sahig. Ang paghuhubad nito dahil sa sobrang kalasingan.

He immediately dismissed the thought as he also remembered how his body reacted to the sight of Mikaela's attractive body.

Ibinalik niya ang tingin sa dalaga. Nagtaka siya dahil alam niyang ang mga classical musicians ay disiplinado. Araw-araw ay nag-eensayo ang mga ito. They were very focused in training.

Baka naman iyon ang paraan nito para ma-relieve ang stress o para magpalakas ng loob? *Tsk, sayang naman ang talent niya.*

Naalala ni Jai ang long-term side effects ng alkohol sa katawan lalo na ang addiction doon.

Baka nagda-drugs din ito. Naisip niya ang

mga sikat at magagaling na artista at celebrities na nalulong at namatay pa sa overdosing ng mga ipinagbabawal na gamot para maging mahusay o manatili sa parehong antas ang pagtatanghal ng mga ito.

Pagkatapos, naisip din niya ang pressure.

Alam niya dahil noong bata ay pinilit din siya ng mga magulang na maging competitive.

He was also mentored in Classical music. Ito raw ang prodigy ng lolo niyang pianista kaya dapat maging magaling sa larangan ding iyon. Noong una ay nasisiyahan siya sa pagtipa ng mga tiklado. Parang paglalaro lang ito. Pero kalaunan ay hindi niya kaya ang ganoong pokus sa pag-eensayo kahit kinakitaan siya ng potensyal para maging isa ding magaling o virtuoso na pianista.

Ilang oras araw-araw ang ginugugol niya rito at bawal tumigil dahil kapalit niyon ay pag-urong ng kahusayan kahit isang araw lang lumiban. He also felt alone.

Kaya mas nagustuhan niyang maglaro ng basketball kaysa tumipa sa piano. Naging varsity player siya noon at nanguna sa kanilang koponan sa pagpanalo sa mga kampeonato. Ilang beses din siyang naging Most Valuable Player.

Pero nang muli niyang pagmasdan si Mikaela

at ang piano sa likod nito ay parang gusto niyang muling tumugtog at sabayan ang dalaga.

He remembered how his grandfather taught him to read those music notes and also to play by ear.

Kaya napapikit siya at inisip na kasama niya ang dalaga sa entablado. It made him feel this happiness and excitement. Just like when his grandfather was mentoring him.

Kaya nadismaya siya nang mapamulat ulit. 'Am I regretting my choice?'



“Ano! Hindi sumulpot’yung pianist?” narinig niyang sabi ni Dr. Santiago.

“Daryll’s manager said it was a form of protest,” sagot ng babaeng kausap nito. “May sub akong nakita kaso mukhang na-traffic and the people were getting weary and i-rated so Mikee had to go on stage alone.”

Tila nasagot nito ang tanong niya.

“Puwede silang idemanda, right?” Si Dr. Santiago.

“Oo, pero they are willing to take that risk kaysa madamay ang career ni Daryll sa scandal and lose more.”

Nalungkot ang nakatatandang doktor kaya

naintindihan niya kung bakit desperado itong makausap ang anak.

Biglang naisip din niya na mukhang naniniwala sa kanya si Dr. Santiago na wala siyang muwang sa nangyari.

He was just in the wrong place at the wrong time.

Malamang kahit sinong matulog doon noong gabing iyon ay matutulad sa sitwasyon niya ngayon.

Napangiti si Jai. He was on his side.

Niyaya ng kausap si Dr. Santiago kaya naiwan siyang mag-isang nakatayo roon.

Napatingin siya muli kay Mikaela.

“Ano ba kasi’ng pumasok sa isip mo?” bulong niya dahil talagang hindi ito pagkakamalang gagawa ng kahit anong bagay na hindi katanggap-tanggap sa lipunang mapanghusga.

Sa wakas, natapos na ang dalaga. Malakas na palakpak ang kanyang narinig.

Napangiti si Jai; mukhang hindi naman ito hinusgahan ng mga manonood dahil sa kumalat na tsismis at mas napagtuunan ng pansin ang talento nito.

“Ikaw ba’yung substitute na pianist?”

Nagulat pa siya sa nagsalita sa kanyang tabi.

Nalitong tiningnan niya ito.

“Bakit ganyan ang suot mo?” puna ng lalaki. Mukhang ito ang floor manager ng programa. “Belen, jacket nga!” anito sa assistant.

Napatingin si Jai sa kanyang suot. Nakalong sleeves polo siya at pormal na pantalon. Nakakurbata pa dahil iyon ang uniform nila kapag wala sa operating room. Wala nga lang siyang white blazer na suot.

Nagulat siya nang bigla siyang nilapitan ng isang babaeng may headset na may mic at ipinasuot sa kanya ang isang dark blue blazer na nagmumukhang itim sa dilim.

Pinalitan din nito ang kanyang kurbata ng kakulay ng damit ni Mikaela para maging magkapares ang kanilang mga suot.

“Makeup,” sabi ulit ng lalaki at may lumapit na namang staff na nagpulbos ng kanyang mukha.

“Go!” utos nito sa kanya.

“Hindi...” Magpapaliwanag pa lamang sana siya pero parang itinulak na siya para pumunta sa entablado.

Muntik pa nga siyang matumba. Natawa ang ilang manonood dahil may nakatutok na din sa kanyang mga ilaw kaya kita na rin siya ng lahat.

May mga nagbulung-bulungan din. Bahagya siyang pinagpawisan. Namukhaan yata siya bilang iyong kasama ni Mikaela sa larawan sa diyaryo.

Nagulat at takang-takang napatingin sa kanya ang dalagang violinist. Pagkatapos, napasimangot ito na animo sinasabing: ‘Ano’ng ginagawa mo dito?’

“Huy! P’unta na sa piano.” Iyong floor manager ulit.

Wala sa sariling sinunod niya ito.

Pumalampak muli ang mga tao.

Nanatiling masama ang tingin sa kanya ni Mikaela. Kulang na lang ay sabihin sa kanyang, ‘Are you trying to sabotage me?’

Pero hindi nito nagawang magprotesta dahil tulad niya ay naiilawan ang dalaga at kita ng mga tao ang bawat kilos at ekspresyon ng mukha nito.

Umupo si Jai sa harap ng piano.

Bigla niyang naalala ang kabataan pa niya. When he used to love playing it.

He was reminded of his grandfather’s grand piano. Tulad kasi niyon ang kaharap niyang instrumento.

Banayad niyang inihaplos ang mga daliri sa tiklado; naalala ang masayang mukha ng lolo

niya at ang tunay na dahilan bakit siya tumigil sa pagtugtog.

Noong nagkasakit nang malubha ang kanyang abuelo at tuluyang namatay, nawala na rin ang gana niyang tumugtog ng piano. As if he was not inspired anymore. Wala na siyang focus sa pag-eensayo kahit pa nakahanap ang kanyang mga magulang ng ibang guro. Para sa kanya, ang lolo lang niya ang dahilan bakit gusto niyang tumugtog. Ito lang ang kanyang maestro.

May lumapit na babae at umupo sa silya sa tabi ng kanyang upuan. Kinuha nito ang hawak niyang programa at may inilagay na music sheet sa harapan niya.

Na-realize niyang iyon ang page turner.

Napaisip tuloy siya kung gaano kahirap ang piyesa na kailangan pa ng tagalipat ng pahina ng pianista.

Ludwig Van Beethoven – Piano and Violin Sonata No.5 in F Major, Op. 24, basa niya bago kinuha ang piyesa.

Naalala ni Jai, iyon ang tinugtog niya noong may paligsahang sinalihan ang pinsan na nakiusap na samahan niya. Si Mitch na aspiring violinist palang noon at ngayon ay sa abroad tumugtog.

He enjoyed playing the piece with him. Naalala niya bigla ang sagutan ng dalawang instrumento. Isa ito sa mga piyesang itinuro ng lolo nila. It was like a family bonding for them.

Nanalo si Mitch kaso lumisan ang pamilya nito patungong Amerika kaya nang mawala ang kanyang abuelo, wala nang ibang puwedeng kausapin sa pamilya tungkol sa kanyang hilig sa musika. He felt more alone.

Kinalabit siya ng katabing babae. Pasimple nitong itinuro si Mikaela kaya nagulat siyang makitang masama pa rin ang tingin sa kanya ng violinist.